

Prologue



*H*indi makapaniwala si Dylan na kasalukuyan niyang inaangkin si Natalie, ang tanging babae na gusto niyang pagbigyan ng lahat ng mayroon siya. And yet, here he was thrust to the hilt. He could feel her tight opening quivering as he gently pulled in and out of her.

“Are you okay, baby?” he asked her when he heard her whimper as he continued to pump on top of her.

Umungol lang ito bilang sagot. Nakita niya nang tumulo ang luha sa mga mata nito nang bumaling ang ulo nito sa unan.

Nahihirapang tumigil siya. “Natalie, do you want me to stop?” nag-aalalang tanong niya. Lalaki siya at matagal niyang hinintay ang pagkakataong ito, pero mas nangingibaw sa kanya ang pagmamahal. Kaya kahit anong pagtangi ng katawan niya ay nagawa niyang ihiwalay ang sarili sa nobya.

Kung nakikita lang siya ng barkada niya sigurado siyang sasabitan siya ng mga ito ng gold medal, dahil

sa ginawa niya. Except maybe Nathan, dahil kuya ito ni Natalie. To pull out in the middle of sex showed tremendous control. At noon niya napatunayan na mayroon pala siya niyon.

Umupo siya sa gilid ng kama patalikod kay Natalie. He was trying to keep a tight rein on his raging lust. Naramdaman niyang yumakap sa kanya si Natalie mula sa likuran. Kusang humayon ang mga kamay niya sa mga bisig ng nobya na nakapulupot sa baywang niya.

“I’m sorry, Dy,” bulong nito. Ramdam na ramdam niya ang hubad nitong dibdib na nakadikit sa hubad din niyang likod. Muli siyang nakaramdam ng init.

‘Kulangot na green... Kulangot na brown... Kulangot na malagkit...’ Muli siyang nagkaroon ng kontrol sa sarili matapos mag-isip ng mga kulangot.

Kanino ba niya nakuha ang idea na iyon? Kay Nathan mismo. Isang araw na nag-iinuman sila ng barkada ay naikwento nito na bigla itong nakaramdam ng pag-iinit nang masilayan ang batang madre sa orphanage na tinutulungan ng kompanyang pag-aari nito. At para mapigilan ang magkasala ay ibinaling nito ang isip sa kulangot. In fairness, effective. Pareho sa kaso ni Nathan at sa kaso niya.

Siguradong mababaril siya ni Nathan pag nalaman nitong ginamit niya ang kulangot-technique sa kapatid nito mismo.

“Dy, please say something. Galit ka ba?” Nasa boses ni Natalie ang pag-aalala.

“No. Of course not. I’m just trying to control myself,” mabilis niyang sagot. Pumihit pa siya paharap dito para matignan ito nang derecho. “Baby, I’m not angry. I just need time to... uhmm... cool down,” medyo nahihiyang sagot niya.

Nakita agad niya ang pagbabago sa mukha ng nobya. He saw relief and mischief in her eyes. Alam na alam na niya ang bawat kilos at tingin nito. At ipupusta niya ang kalahati ng stocks na pag-aari niya, may pilyang naiisip ang girlfriend niya.

At hindi nga siya nagkamali. Kumandong ito sa kanya at ikinawit ang mga kamay sa batok niya bago inilapat ang mga labi sa tainga niya at bumulong, “But I don’t want you to stop, baby. Please...”

“Please, Natalie. Think twice before you ask for it again. Alam kong alam mong sanay akong magpipigil. Pero ibang level na ’to. Napasok ko na ang langit kanina. Masakit tumigil.”

Halos labas na ang ugat niya sa leeg sa pagpipigil. At kahit ang mga kulangot ay hindi na umeepekto. Especially now that his attention was drawn to his girlfriend’s hot and wet part near his hardness.

“Hindi naman kita pinatigil, ah,” naka-pout pa nitong sagot habang nilalaro ang buhok niya sa bandang batok.

“Pero umiiyak ka”—Natigil ang pagsasalita

niya nang idiniin pa nito ang sarili sa kandungan niya—“kanina.” Pinagpapawisan na siya ng malamig. Kaunting usod na lang at mapapasok na naman niya ang langit.

“I wasn’t crying. Teary-eyed lang,” paliwanag nito. Tuluyan na itong yumakap sa kanya bago muling bumulong, “Masakit kasi.”

“Kaya nga ititigil na natin. Baka mas masaktan ka.” Hindi siya makapaniwala na lumabas sa bibig niya ang mga salitang iyon. Gusto niyang bawiin. Hindi niya malaman kung babatukan ang sarili o papalakpakan.

“Eh, pero bakit ito parang ayaw pang tumigil?” Nagulat siya nang hawakan ni Natalie ang parte ng katawan niyang hindi sang-ayon sa pagpipigil niya. At mukhang hindi pa doon natatapos ang balak nito. Naramdaman niyang medyo iniangat nito ang sarili at pigil-hininga siya nang maramdamang unti-unting ibinababa ng nobya ang sarili sa kanya.

“Please love me, Dylan. Just promise me you’d pull out,” she whispered as she impaled herself on his hardness.

At dahil nag-short circuit na ang utak ni Dylan nang muling mapasok ang langit, nagpatangay na rin siya.

Pinilit ni Natalie na magtaas-baba kahit na may kirot na nadarama. Nakita ni Dylan na nasasaktan ang nobya kaya kinintalan niya ito ng halik sa mga

labi. He romanced her lips the way he knew she loved. Naglikot muli ang mga kamay niya sa maganda at makinis na katawan ng dalaga. And in minutes, all her pain was forgotten.

Minutes passed by and only moans could be heard in the room. “Dylan, please...” Natalie whimpered.

“Please what?” His mouth hovered over hers.

“I want—” hindi na nito natapos ang sasabihin nang bilisan niya ang pagkilos sa ilalim nito.

“What do you want, baby?” habol-hiningang tanong niya habang nakatingin sa mukha ng nobya. Nakapikit ito habang medyo nakaawang ang mga labi. Madiin ang pagkakayakap nito sa kanya habang kusa ring nagtataas-baba, sinasalubong ang bawat galaw niya.

“Dylan, please...” May urgency sa boses nito.

Alam ni Dylan kung ano ang hinihingi nito. He changed their position without breaking contact. Now on top of her, he spread her legs wider to have more access. And he went deeper. Harder. Faster.

“Mmm...”

“Ahh.”

Puro mono-syllables na lang ang kumakawala sa bibig nilang dalawa.

“Dylan!” sigaw ni Natalie kasabay ng pagdiin ng kapit nito sa baywang ng nobyo nang makuha ang kanina pang hinihingi.

Sandaling tumigil si Dylan para pagmasdan ang nobya. Napakaganda nitong tingnan habang nakahiga sa ilalim niya. Magulo ang buhok at pawisan ang mukha. Namumula-mula rin ang leeg at dibdib nito marahil sa katatapos lang na naabot.

“Baby, I’m not yet done. May I?” habol-hininga niyang paalam kay Natalie.

Hinalikan siya nito nang buong suyo na tanda ng pagpapaubaya. Muli siyang gumalaw habang angkin ang labi ng nobya. Kusang bumilis ang kilos niya at hindi niya naiwasan ang medyo maging marahas. In his lust-driven mind, he was only able to hear bits and pieces of Natalie’s moan and pleas.

“Baby...”

“Ah.”

“Please pull...”

“Hmm.”

“Out.”

It was only after his release that he was able to put those bits and pieces together, “Baby, please pull out.” And it was too late. Kung alam lang ni Dylan na mawawala pala sa kanya si Natalie nang dahil sa pagkakamali niyang iyon, sana hindi na lang niya sinimulan. Sana mas pinag-igi niya ang pag-iisip sa mga kulangot.

1



Madilim ang mukha ni Dylan habang binabasa ang papeles na kabibigay lang ng kanyang sekretarya. Panibagong problema na naman ang kinakaharap ng kompanya nila ni Nathan.

Technically, kay Nathan at sa pamilya nito talaga ang *NatGen*—ang nangungunang renewable energy company sa Pilipinas na gumagamit ng mga indigenous fuels gaya ng natural gas, water, geothermal steam and wind. Pero nitong mga nakaraang taon ay kumaharap ng sunod-sunod na dagok ang kompanya at ang pamilya mismo ni Nathan kaya napilitan ang mga ito na magbenta ng ilang shares. At bilang tulong sa kaibigan, para hindi maagaw ng kalabang kompanya ang *NatGen*, si Dylan na mismo ang bumili.

At dahil malaking percent na ng shares ng kompanya ang pag-aari niya at malaking voting power ang hawak niya tuwing may desisyon na kailangang gawin. Gaya na lang ng mangyayaring

emergency meeting mamayang hapon tungkol sa pagpapalit ng chief executive officer ng *NatGen*.

Noon pa lang nalaman niyang naaksidente si Nathan, naramdaman na ni Dylan na maaaring gawing oportunidad ito ng mga mangangaliwa para mag-demand na magkaroon ng bagong CEO. At heto na nga, matapos ang isang buwan na pagiging absent ni Nathan dahil hindi pa makalakad, nagpupumilit na ang ilang miyembro ng board na magbago ng CEO.

Ayon sa sulat na binabasa niya, natatakot ang board na bumabang muli ang stocks ng *NatGen* pag nalaman ng publiko at ng mga investors na walang CEO na nagma-manage sa kompanya. Sa tingin niya ay may laman ang apila ng mga ito kahit paano. Lalo na at totoong kailan lang muling nakabawi ang *NatGen* sa stock market. Ang sa kanya lang ay maghintay man lang sana ang mga ito sa magiging prognosis kay Nathan. Nasa Amerika ngayon ang kaibigan at ang pamilya nito para sa pagpapagamot nito. Hindi nawawalan ng pag-asa ang mga ito na muling makakalakad ang lalaki.

Kung tutuusin, kaya pa rin ni Nathan na magsilbing CEO dahil paglalakad lang naman nito ang may diperensya. Pero dahil mapagsamantala ang ilang miyembro ng board ay ginawa nilang rason ang kondisyon ni Nathan para magkaroon ng botohan

sa maaring pumalit na CEO habang hindi aktibo ang kaibigan.

Nagsalubong ang mga kilay ni Dylan nang mabasa kung sino ang isa sa mga pinagpipiliang ipapalit. Natalie Javier. *Nagbalik ka na pala.*



Tahimik lang si Dylan habang nagpapaliwanag si Mr. Hinata, ang chief operating officer ng kompanya, tungkol sa mangyayaring botohan sa pagkakaroon ng bagong CEO.

Nakatingin siya sa mga figures at graphs na naka-flash sa projector screen pero wala roon ang isip ni Dylan. Ang isip niya ay nasa babaeng nakaupo sa tapat niya. Si Natalie.

Nakasuot ito ng dark tailored pinstripe suit na pambabae ang tabas. Naka-ponytail ang buhok nito at minimal ang makeup. Hindi maitatangi na professional ang babae at may kumpiyansa sa sarili. Pero siya wala.

Wala siyang kumpiyansa sa babae. Wala siyang kumpiyansa sa kapatid ni Nathan. Wala siyang kumpiyansa sa ex-girlfriend niya.

Hindi niya napansin na nakatitig na pala siya kay Natalie nang bigla itong tumingin sa gawi niya at nagsalita. “I have all the qualifications to be the next CEO, don’t you think, Mr. Alonzo?”

Mabuti na lang at likas na mabilis siyang mag-

isip. Tumuwid siya ng upo at maawtoridad na nagsalita. “I’m afraid blood relation does not mean automatic chairmanship, Miss Javier. Why don’t you personally introduce yourself to the board and assert your achievements? From there, we’ll see if you even merit recommendation to be in the list of candidates.”

Napataas ang kilay ni Natalie sa sinabi niya. Pero hindi siya nagtaka nang bigla itong tumayo at magpakilala. “I am Natalie Emilia Javier. I earned my Master of Business Administration degree from *Harvard Business School*. I have just recently resigned from my work in *Blue Knight Energy Partners*, the leading natural gas distribution company in the United States. I was the Crude Pipeline and Terminal Operations Consultant in that company before I decided to come back here in the Philippines and take over the family business.” Derechong nakatingin ito sa kanya nang banggitin ang tungkol sa pag-take over sa family business ng mga ito.

“Impressive. But not quite,” simpleng sagot ni Dylan. Napansin niyang kumuyom ang mga kamay ni Natalie. “We’ll adjourn. Sigurado akong marami tayong kailangan aralin bago tayo magdesisyon.” Tumayo na siya bago pa man sumang-ayon sa kanya ang mga kasama.

Hell, minsan lang niya gamitin ang advantages ng 53% shares niya. At sa tingin niya, this was the best

time for it. To show Natalie, that he, Dylan Alonzo was in-charge.



“Why are you making it difficult for everyone?” prangkang tanong sa kanya ni Natalie nang bigla itong pumasok sa opisina pagkatapos na madaliang ipaalam sa kanya ng kanyang sekretarya na gusto siyang kausapin ng babae. Apparently, Natalie could not be bothered to set an appointment with him.

“Welcome back, Nat,” nakangiting bati niya rito. Ngiting hindi umabot sa mga mata niya.

Panandaliang napatda ang dalaga sa salubong niya. Pero muli rin itong nagsalita nang makabawi. “Mr. Alonzo, you know perfectly well that I am more than capable to be the next CEO of *NatGen*.”

“Nakalimutan mo na bang mag-Tagalog, Nat? Hindi ka naman lumaki sa Amerika, ah. Doon ka lang nag-MBA pero dito ka sa Pilipinas lumaki. Kaya walang dahilan para walang habas kang mag-Ingles d’yan,” sagot niya.

“Mr. Alonzo—”

“Tsaka bakit ba Mr. Alonzo ka nang Mr. Alonzo d’yan? Five years ago, Dylan lang ako sa ’yo, ah. Or Dy. Although, awkward na kung tatawagin mo pa ’kong baby. Don’t you think?” He smirked at her.

Tumayo siya mula sa upuan niya at lumipat sa harap ng mahogany table niya. Umupo siya sa edge

niyon at pinagmamasdan ang iba't ibang emosyon na dumaaan sa magandang mukha ng dalaga.

“Dylan...”

“Much better. So ano'ng pag-uusapan natin, Natalie?”

“I want a—I mean, gusto kong magkaroon ng chance na tumayo bilang CEO ng *NatGen*. Sabi ni Kuya, you have the controlling power sa votes, so I'm asking for your help.”

“Taglish. Pero pwede na. What did I expect? You just got back from the States. Wala ka man lang bang pasalubong na *Spam* at chocolates?”

“You're not taking me seriously, Dylan.” Halata ang frustration sa boses nito.

Ngumiti siya nang nakakaloko.

“Anong nginingiti-ngiti mo d'yan?” asar na sabi nito.

Unti-unti na niyang nakikita ang dating Natalie na kilala niya. May pagkapikon. Mabilis mag-init ang ulo.

“Naisip ko lang. Kung tinanggap mo lang ang proposal ko noon, eh, di sana hindi ka na naghihirap d'yan para lang hingin ang boto ko. I would have given everything to you, Natalie. On a silver platter.”

“Ayoko ng madaling makuha, Dy. Mas gusto kong pinaghihirapan ang mga achievements ko,” sagot nito. “And that was something that you were

never able to give me. You always made things easy for me. You were always so gentle with me.” Parang may tonong nangungutya ito.

“Gentle? You don’t like it gentle?”

“Oo, Dylan. I like things hard. That’s why I wasn’t satisfied when we—”

“Dammit! Wala ka namang sinabi na hard ang gusto mo. Siyempre first time mo kaya maingat ako. Kung sinabi mo, eh, di sana mas ibinaon ko!” gigil na sigaw niya.

“What the hell? Ano ba’ng pinagsasabi mo d’yan?” namumulang tanong nito.

“We’re talking about the first time we slept together, right?” naguguluhang tanong niya.

“Ano? I never said anything about that. Ang gusto ko sanang sabihin before you rudely interrupted me, hindi ko gusto that you make everything too easy for me. Hindi na ’ko nagkakaroon ng chance para malaman kung ano ba ang kaya at hindi ko kayang gawin.”

“Well, since that is your wish, Natalie. I’ll make things hard for you then. Prove to me that you can be the next CEO.”

“But—”

“Sabi mo you want things hard, di ba?”

“Kuya Nathan already gave me the appointment. Vote mo na lang ang kailangan para maging binding

'yon." Halos lumabas ang mga litid ni Natalie sa sobrang pagpipigil na sigawan ang lalaki.

Halatang napipikon na ito dahil sa hindi niya agad pagpayag sa gusto nito.

"Honestly, Natalie, I do not trust you with the company. Pinaghirapan namin ni Nathan na maibangon ulit ang *NatGen* after it almost collapsed some years ago," mahinahon niyang sabi sa dalagang namumula na ang mga pisngi.

"What do you mean you don't trust me with the company?" mataas na ang boses na tanong nito. "Baka nakakalimutan mo. I am a Javier. I love this company. Of course, I will do everything and anything to take care of it."

"Wow! You love the company. And you will do everything and anything to take care of it," he said sarcastically.

"Bakit mukhang hindi ka makapaniwala?" galit na tanong nito.

"Because five years ago, you told me you love me. You told me I am your everything. And yet, out-of-the-blue, you dropped me like a hot potato and left for the States. Without any explanation." Titig na titig siya sa dalaga nang sabihin iyon. "And that is how I know that I cannot trust you with *NatGen*. Dahil baka isang bad press lang, lumipad ka na pabalik sa Amerika at iwan mo kaming lahat to deal with the

mess.”

“Dylan, I—”

“You do not need to explain, Natalie. That was five years ago. Naka-move on na lahat ng tao. At hindi rin naman ako nanghihingi ng explanation. Masaya ako dahil natapos mo ang MBA mo na alam kong isa sa mga pangarap mo.” Mahinahon na ang boses niya.

“I’m so—”

“I also don’t need your apologies,” he cut her. He returned behind the desk and sat down before addressing Natalie again. “I will tell the board to postpone the election for the new CEO. I want to see how you perform first. Plus, I also want to wait for Nathan’s prognosis before making a decision. Naniniwala akong makakabalik pa siya.”

“Dylan, Kuya Nathan said—”

Pinutol niya ulit ang kung anumang sasabihin nito. “You may start as the Head of Operations of *Pantabangan-Masiway Hydroelectric Power Plant*. My secretary will give you the details.”

“But—”

“I am done talking to you, Miss Javier. Please head out,” he rudely said to dismiss her. Tinawagan niya sa intercom ang sekretarya, “Elaine, Miss Javier is heading out. Please give her the files on *Pantabangan-Masiway*.”

Mayamaya ay may mahinang katok at pumasok

ang sekretarya na dumerecho kay Natalie. “Here are the files, Miss Javier,” nakangiting sabi ni Elaine.

“Thank you,” magalang na sagot ni Natalie bago muling bumaling sa kanya. “Mr. Alonzo, you really didn’t have to do this,” she said, pertaining to her appointment as the head of operations.

“Kala ko sabi mo gusto mo ng hard?” nakakalokong tanong niya.

“You know that’s not what I mean.” Pinandilatan siya nito. Nangingiti siya dahil alam niyang matinding pagpipigil ang ginagawa ni Natalie para hindi siya masigawan dahil may ibang tao.

“Elaine, please call Raul and Diego,” tukoy niya sa security, completely ignoring Natalie.

“For what purpose, Sir?”

“To drag Miss Javier out of my office,” sagot niya habang nakatingin kay Natalie.

“We are so not over, Mr. Alonzo,” may bantang sabi nito bago pumihit palabas ng pinto.

“Oh, yes, we are, Miss Javier. Five years ago to be exact,” pahabol niya.

The old Natalie would have stomped her feet so hard in frustration, but this Natalie was more poised, more refined. So she just opted for a door bang. Very mature.

2



The next day, Dylan got a call from Nathan. “Dude, Nat told me about what happened yesterday.”

“So, nagsumbong pala sa ’yo si Nat-Nat.”

“Dylan, you know that Natalie is more than capable to replace me. Hell, she is a very smart woman. Alam mo ’yung nagawa niya para sa *Blue Knight*, di ba? Ikaw pa nga ang unang nakaalam n’un,” tukoy nito sa pag-ayos ni Natalie nang ayaw padaanin sa isang territory sa Texas ang bagong pipeline na ginagawa ng kompanya nito.

It was a hot issue then. Natalie stepped in and she was able to take control of the situation. The pipeline was built and the State of Texas was satisfied with the regulations imposed. It was a win-win situation for both parties.

“Alam mo, Nathan, I’m not doing it to make things hard for Nat.” Actually, he was. But Nathan didn’t need to know that. Wala itong alam sa naging relasyon nila ni Natalie. At dahil na rin iyon kay

Natalie. “Iba sa US, iba sa Pilipinas. Gusto kong ma-experience muna ni Natalie ang sitwasyon dito para mas maging handa siya.”

“You have a point, Dy. Pero we’re in dire need of a new CEO. Hindi ko alam kung gaano pa ako katagal dito sa US. For all we know, I’ll be forever an invalid.” Nahimigan niya ng lungkot ang boses nito.

“Don’t go dramatic on me, Nathaniel. Hindi bagay sa ’yo.”

“We have to be realistic, Dylan.”

“Ano ba’ng meron sa States at ilang linggo lang ang mga tao d’yan, Ingles na nang Ingles? Samantalang noong high school tayo, ni hindi ka makapag-deliver ng speech in English,” pag-iiba niya sa usapan.

Mukhang effective dahil tumawa si Nathan sa kabilang linya.

“Ang yabang mo. Ikaw nga lumaban ka pa sa debate, sablay naman ang rebuttal mo.”

Natawa si Dylan. Noon pumasok sa pintuan si Miguel, isa pa nilang kabarkada. “Si Nathan ba ’yang kausap mo?” nguso nito sa laptop niya.

Tumango siya.

Umikot ito sa table niya para makita rin si Nathan.

“Hoy, Apolinario Mabini! Kailan ka babalik dito? Baka bumagsak na ang *Katipunan*. Ang tagal mo

nang wala. Alam mo naman itong si Andres,” sabay tapik sa balikat niya, “sugod lang nang sugod, wala namang bala.”

“Ikaw, Marcela Agoncillo, manahi ka na lang ng watawat ng Pilipinas. Ang dami mong satsat,” balik-asar ni Nathan. May-ari si Miguel ng number one exporter and importer textile company sa Pilipinas.

“Yan gusto ko sa ’yo, Nate. Kahit lumpo mabilis pa rin ang utak mo. Mabining-Mabini talaga, eh,” natatawang sagot nito.

“Gago!”

“I love you, too,” sagot ni Miguel sabay halik sa screen ng laptop ni Dylan.

“Kadiri ka, Migs. Wet kiss pa talaga. Punasan mo ’yang Mac ko,” utos niya rito.

“Kung maka-Mac naman ’to. Ang yabang. May Mac rin ako.” Pinunasan nito ng manggas ng polo nito ang screen.

“Hoy, mga buknoy. Matutulog na ko. Gabi na rito sa L.A.,” paalam ni Nathan sa kanila.

“Aww... Matutulog na ang baby. Dumede ka na ba?” hirit ni Miguel.

“Gago!” sabi nito bago, “Dylan, ’yung napag-usapan natin, ha. Ikaw na ang bahala kay Nat. I trust your judgment. Alam ko naman na you will take care of my sister.”

Kung alam mo lang, dude. I want to wring your

sister's neck. Pero syempre iba ang lumabas sa bibig niya. “Don’t worry about Nat. I won’t make it hard for her. I’ll make sure to give her the *goodest* treatment.”

“You’d better. Or I’ll be your *baddest* nightmare,” natatawang banta nito.

“Naku, mapapakamot na naman ng ulo si Mrs. Icacá kapag narinig ’yang bad grammar ninyo. CEO ba talaga kayong dalawa?” sabat ni Miguel.

Nagtawanan silang tatlo.



Dahil nga sa fifty-three percent ang shares ni Dylan, siya na kung tutuusin ang may controlling interest sa kompanya. Kapag matatag na ang pagkakatayong muli ng *NatGen*, pwede niyang ibenta ang shares niya sa magkapatid na Javier para ang dalawa ang magkaroon ng majority control.

Sa ngayon, siya ang may boses at madali lang niyang napasang-ayon ang board na ipagpaliban ang botohan para sa bagong CEO.

At heto nga, two weeks nang nakadestino si Natalie sa Nueva Ecija para pag-aralan ang *Pantabangan-Masiway Hydroelectric Plant*.

In fairness sa dalaga, talagang pinaghuusay nito ang pagtatrabaho. In a week ay mayroon na agad itong reports na naipasa tungkol sa mga recommendations nito para mas maging efficient ang operations ng hydroelectric plant doon.

And after two weeks, ngayon lang ito lumuwas ng Maynila para mag-report sa board at kausapin siya tungkol sa kagustuhan nitong maging CEO.

“Maganda ang recommendations mo for a new plant. Although at the moment, we don’t have enough budget to pursue expansion. We are still in the process of paying our debts to *ADB*. After that, I’m sure we can manage,” seryoso niyang sabi nang makalabas na ang lahat ng member ng board pagkatapos ng presentation nito.

Dalawa na lang sila sa conference room nang mga oras na iyon.

Nakaupo siya samantalang nakatayo pa rin si Natalie.

“About the position, Dylan—”

“Wala ka pang nagagawang developments sa Pantabangan, nag-i-insist ka na agad na ma-promote,” pang-uuyam niya rito. “Pag-initin mo muna ’yang pwet mo d’un bago ka mag-demand na maging CEO, Miss Javier.”

“Mr. Alonzo, nagiging habit mo na ang maging bastos. Lagi mo na lang akong hindi pinapatapos sa sinasabi ko,” mariing sagot nito.

“Oh. So you find it rude that I always interrupt you. Di ba hindi mo rin naman ako pinatapos sa mga sinasabi ko sa ’yo five years ago? I’m just returning the favor.”

“Bakit ba hindi ka maka-move on? That was five years ago. 27 years old na ako. 30 years old ka na. Ang dami nang nangyari pero ’yon pa rin ang nasa isip mo,” gigil na sagot nito.

“Hindi ako maka-move on dahil ang bastos mo! Bigla ka na lang nang-iwan. I never got the chance to shout at you. To curse you. To beg you. Bigla ka na lang umalis. Dammit, nakakaloko ka, eh.”

“I’m sorry, Dy... I have my reasons.”

“Reasons?! Hindi mo man lang shinare sa ’kin ’yang reasons mo. Ayos ka rin, eh. Alam mo ang pakiramdam ko n’un? I was used. May nangyari sa ’tin ’tas bigla ka na lang nanlamig,” sumbat niya rito.

“You talk like a freakin’ virgin, Dy—”

“Because I was! Oo, you were my first. And I was yours, too. Unless the bloodstain on my bedsheet was lying.”

“Dylan, it was hard for me to leave that time. Maniwala ka. I loved you. But I had to go. I found out—”

“No! You don’t get to explain now. Ako lang ang pwedeng mag-vent. And I’m doing it now because it is long overdue,” muling putol niya sa sasabihin nito. Ayaw niyang pakinggan dahil alam niyang di niya iyon magugustuhan.

“You, Natalie Javier, are an unfeeling bi—person. Wala kang puso. You don’t deserve my love. And to

think that I would have given you everything. Pero sinayang mo lang lahat ng 'yon because you are a selfish bi—person!” Galit na galit si Dylan. But despite his anger, he still couldn't use the b-word to call Natalie. “Did you ever love me?” he asked her after some minutes passed in silence.

“I loved you, Dylan. Please don't doubt that. I loved you. I loved you,” paulit-ulit nitong sabi habang dumadaloy ang luha.

He snorted. “Words.”

“What do you want me to do to make it up to you, Dylan?” May pagsusumamo sa boses nito.

“You can never make it up to me, Natalie,” sagot niya. Tinalikuran na niya ito para lumabas na ng conference room. “Dahil hindi mo na maibabalik ang virginity ko.”



“So, ikaw pala ang naka-virgin sa kumpare naming si Dylan.”

Nagulat si Natalie nang marinig ang boses ni Eugene. Nang mag-angat siya ng tingin ay nakita niya ito kasama si Miguel. Mga kabarkada ito ni Dylan at ng kuya niya.

“No wonder devastated si Dy,” hirit pa ni Miguel.

Patuloy lang siya sa pag-iyak. Masakit na masakit ang puso niya. Akala niya, naka-move on na siya. Clearly, she has not. Dahil ang sakit, kapareho pa

rin five years ago.

“Paano ninyo nalaman?” pahikbi-hikbi niyang tanong matapos ang ilang minuto.

“We heard. Bukas kasi ang pinto.” Itinuro ni Eugene ang nilabasan ni Dylan. “Next time, kung virginity ang topic ninyo, make sure na nakasara ang pinto. Nakakahiya sa mga empleyado,” dagdag nito.

“At sa ’tin din, dude. Imagine, virgin at the age of twenty-five? Ikaw nga naka-twenty five girls ka na n’un,” natatawang sabi ni Miguel.

“Gago ka talaga, Miguel.”

“I love you more, Eugene.”

“Kuya Eugene, ano’ng nangyari kay Dylan?” tanong niya rito. Hindi pa rin tumitigil ang luha niya.

“He was hurt, Nat.”

Parang mas lumalim ang hiwa sa puso niya nang marinig ang sagot nito. Tama si Dylan. She didn’t deserve him.

“Do you think he can still forgive me?”

Matagal bago may sumagot sa dalawa. Sa huli ay si Miguel ang nagsalita. “Well, the fact that Dylan can’t call you a bitch, mukhang may chance pa naman.”

“Why do you want his forgiveness, Natalie? Is it for the position? Kasi kung ’yon lang, mabuti pang iwan mo na ang *NatGen* kay Dylan. He can manage

the company while Nathan is gone,” seryosong sabi ni Eugene.

“Dude, ang harsh mo naman. Gusto na nga mag-sorry ni Nat-Nat.” Siniko nito si Eugene.

“Kuya Eugene, Kuya Migs...” iyak niya bago lumapit at niyakap ang dalawa. “I’m so sorry.”

Niyakap din siya ng mga ito. “We don’t know what happened, Nat. And we don’t need to. Kayo lang naman ni Dylan ang involved. Just don’t hurt our friend again,” paalala ni Eugene.

“Go fix yourself,” utos pa nito sa kanya bago siya inilayo at pinunasan ng panyo ang luha niya.

“Ah! Kaya pala hindi niya tinatawag na kuya si Dylan noon. Oo nga naman, ang weird pakinggan. Boyfriend niya ’tas tatawagin niyang kuya,” narinig niyang sabi ni Miguel bago siya makapasok sa comfort room na nasa loob ng conference room.

“You’re hopeless, Migs.”

“I know, right?”



“Hindi mo na maibabalik ang virginity ko.”

My goodness. He sounded so gay. Pero totoo ang sinabi niya. Isa sa mga dahilan kung bakit siya nasaktan dahil nagsimula ang panlalamig sa kanya ni Natalie matapos may nangyari sa kanila. At nang iwan siya nito, hindi lang ilang beses na pumasok sa isip niya na baka dahil hindi niya napaligaya si

Natalie nang gabing iyon kaya siya iniwan.

Pero siya na rin ang sumagot sa sarili niya. There was no comparison. Nat was a virgin just as he was. But then again, it was hard to reason with a broken-hearted man.

Sumandal siya sa upuan niya and let the memories of five years ago flood his mind.

Dylan noticed that Natalie was walking funny after getting out of the car. "Okay ka lang, baby?"

Tumango ito. "Uhhh... I feel a bit sore, kasi," bulong nito sabay tingin sa baba.

"I feel sore, din," balik bulong niya na ikinatawa nila. "Seriously, are you sure, you're okay?"

"Yes. Normal lang naman 'to kasi first time ko, di ba?" Namumula ang mga pisngi nito.

"Oo. Ganyan din ang feeling ko n'ung first time ko, eh." Muli silang tumawa. "I love you, Natalie. And not because you gave yourself to me tonight. You know that, right, baby?" Sinapo niya ang mga pisngi nito at tumingin nang derecho sa mga mata nito.

Ngumiti ito. "I love you, too, Dy. Now, let go of me, bago tayo makita ni Kuya." Lumayo ito sa kanya.

"Do we still need to keep our relationship a secret? Graduate ka na ng college."

"Not tonight, Dy. Next time, promise," sabay pisil nito sa kamay niya.

He nodded as he reluctantly let her go as she

entered their gate.



*“Bakit ang tahimik mo, Nat? May sakit ka ba?”
Mabilis niyang dinamang ang noo nito para i-check kung
may lagnat ito.*

*Sakay sila ng kotse papunta sa bahay ni Eugene.
May party roon dahil birthday nito.*

*“Dy, can you just drive me back home? I don’t feel
like attending,” sagot nito habang hinihilot ang sentido.*

*“Sana sinabi mo kaagad. Tatawagan ko na
lang sina Nathan. Sasabihin kong hindi na tayo
makakapunta.”*

*“No, you go. Ihatid mo lang ako. I’m sure they
want you there.”*

*“Is there something wrong, Nat?” nag-aalalang
tanong niya.*

*“Look, Dy. We don’t have to be together all the
time. Tsaka mukhang nakakahalata na si Kuya dahil
lagi tayong magkasama,” sagot nito.*

*“Sungit ni Nat-Nat. PMS, baby?” pang-aasar niya.
He heard her gasp beside him. “Bakit?”*

*“Daan tayo sa Mercury,” may urgency sa boses
nito.*

“Bakit?” nagtatakang tanong niya.

“Basta.”

*Pumihit siya paharap kay Natalie nang
makapagpark siya sa tapat ng drugstore. “Ano’ng*

bibilhin mo, Nat?"

Matagal bago ito sumagot. "Bili ka ng pregnancy test kit, Dylan."

Nag-hang yata ang isip niya dahil hindi siya agad nakasagot agad. "Why?"

Pinagtaasan siya nito ng kilay.

At parang nasa auto-pilot na pumasok siya sa drugstore at bumili ng pregnancy test kit. Nang makabalik siya sa kotse, sinabihan siya ni Natalie na dumerecho sa condominium niya. Which he did.

"Baby, are you okay in there?" he asked outside the bathroom door. Nasa loob kasi si Natalie dala ang pregnancy test kit na binili niya.

"Am I gonna be a daddy soon?" Obvious ang excitement sa boses niya.

Nang sabihan siya nito kanina na bumili ng pregnancy test kit, inaamin niyang nagulat siya at kinabahan. But after thinking it over, he realized that this was what he wanted. It would be great if Natalie was pregnant. It would mean they could get married. She would really be his. Finally.

Habang naghihintay sa sagot nito ay may naalala siya. Nagmamadali siyang pumasok sa kwarto niya at may kinuha sa sidetable niya.

Saktong paglabas niya sa kwarto ay siya ding paglabas ni Natalie mula sa bathroom.

"Baby, before you say anything, I want you to

have this.” Lumuhod pa siya sa harap nito habang unti-unting binubuksan ang kahita ng diamond ring na binili niya. “I want to ask you to marry me.”

“Why?” gulat na tanong ni Natalie.

“Because I love you. I want to be your husband. I want you to be the mother of my children,” he answered sincerely.

“Is it because you think I’m pregnant?”

“No. Of course not. Matagal ko nang iniisip na tanungin ka, Nat. Even before today, desidido na ako na gusto kitang makasama habang-buhay.”

“I’m not pregnant, Dylan. Tumayo ka na d’yan,” walang emosyong sagot nito bago siya tinalikuran.

“Why are you being like this, Nat?” nagtatakang tanong niya. Nakaluhod pa rin siya kahit na tinalikuran na siya ng kausap.

Nagulat siya nang nagdadabog na bumalik si Natalie sa kwarto niya. She looked like she’d been crying. “I hate you, Dylan!”

“What? Why?” naguguluhan siya. Tumayo siya para lapitan ang girlfriend. Pero umatras ito.

“Kasalanan mo ’to. If you had pulled out, we wouldn’t be in this situation. Hindi ako matatakot na baka buntis ako. Hindi ka magpo-propose at hindi ako aayaw. We would have still been together,” dere-derechong sabi nito.

“Ano ba’ng pinagsasasabi mo, Nat? We are still

together.”

“I am breaking up with you, Dy. I don’t want this. Ayokong pakasalan ka.”

“Look, kung iniisip mo na niyaya kitang magpakasal dahil lang akala ko buntis ka, that’s not the case at all. Sinabi ko na kanina, di ba? Matagal ko nang inisip ’yon.”

“I don’t want to marry you, Dylan.”

“Then don’t. I can wait. Hindi naman ako nagmamadali. At hindi rin kita pinipilit. My goodness, baby, where are all these coming from?”

“I don’t want to marry you, Dylan.”

“I heard it the first time, Natalie. Hindi mo na kailangang ulitin. Masakit pakinggan, eh.” Isinatinig na niya ang kanina pa niyang nararamdaman nang talikuran siya ng dalaga.

“Did you do it on purpose, Dy? Sinadya mo ba?”

“Ang alin?”

“Sinadya mo ba na ’wag mag pull-out? To come inside me? Was it your plan to get me pregnant so you can marry me?” may pag-aakusang tanong nito.

“What the hell? Wala akong plano, Nat. I admit, I was irresponsible. I didn’t use protection and I was not able to hold back. Pero maniwala ka, Nat. Hindi ko sinadya ’yon. And why are we even having this argument? Hindi ka naman buntis, di ba? I would have been very happy if you are, pero ikaw na ang nagsabi

na hindi ka buntis. So bakit nagagalit ka?” Hindi na niya naiwasang magtaas ng boses.

“Dahil pinaaga mo ang pakikipag-break ko sa ’yo,” humihikbing sagot nito.

Pangalawang beses na nag-hang ang utak niya nang araw na iyon.

“I’m breaking up with you, Dylan.”

“Bakit?”

“Dahil ’yon ang gusto ko.”

“Pero—”

“My decision is final.”

“Nat—”

“I’m not the woman for you, Dy.”

“Yes, you—”

“Good bye, Dylan.”

She kissed him on the cheek and left.

3



“*A*ng aga-aga, umiinom ka na. At ang cheap, ha. Red Horse talaga? Nagmamadali kang malasing, Dy?”

Inabutan siya ng barkada sa condominium niya. Sabado iyon. Three days after Natalie broke up with her. Tatlong araw na siyang naka-auto-pilot. Pumapasok pa rin siya sa trabaho. Nakikipagkita sa mga kaibigan niya. Tuloy ang buhay para kay Dylan Alonzo. And yet, he didn't feel alive. Magulo ang mga ito habang nanonood ng playoff.

“Bakit ang tahimik mo, Dylan?” tanong ni Nathan.

“Huh? Wala may iniisip lang ako,” sagot niya bago muling tumungga sa beer niya.

“About work? Totoo bang ililipat na sa 'yo ni Tito ang position?” Ang tinutukoy ni Nathan ay ang paglilipat sa kanya ng position bilang Chief Executive Officer ng kompanya nila. Pag-aari ng mga Alonzo ang isa sa pinakamalaking telecommunications company sa bansa.

Umoo siya sa tanong ni Nathan kahit hindi iyon

ang tunay na dahilan.

“Good luck, dude.” Tinapik pa nito ang balikat niya.

Nagpatuloy na sila sa panonood ng NBA sa TV niya. Maya’t maya ay nagco-comment ang mga kaibigan niya tungkol sa laro. Tahimik lang siya. Paminsan-minsan sumasagot pero mostly umiinom lang siya. Hanggang sa tuluyan na siyang tamaan ng alak na iniinom niya.

“Have you guys been dumped?” he asked out-of-the-blue.

“Bakit, Dylan? May nangyari ba sa inyo n’ung babae na hindi mo ipinapakilala sa ’min?” tanong ni Nathan.

“Oh, you know her, all right. Kilalang kilala. Especially you, Nate,” sagot niya sa isip.

“Kaya ka ba naglalasing?” seryosong tanong ni Eugene.

“Hindi ako naglalasing. Umiinom lang. Gaya ninyo.” Inginuso niya ang beer na hawak ng mga ito.

“This is drinking for fun. You’re drinking to forget, dude,” muwestra pa ni Nathan sa mga beer-in-can na nasa ibabaw ng center table. “Ikaw lang nagtumba ng lahat ng ’yan, Dylan.”

“Di ba dapat ako ang magsawa pag may nangyari na sa ’min? Di ba dapat ako ang mawalan ng gana pag nakuha ko na?” medyo slurred na ang boses niya.

“Hindi mangyayari ’yon, Dy. Dahil hindi ka gan’ung lalaki,” sagot ni Miguel. “Itong si Eugene pwede pa.” Itinaas nito ang beer sa kaibigan.

“Yon ba ang nangyari, Dy? Did she leave you after something happened?” tanong ni Eugene.

“Baka hindi nasara—”

“Don’t!” pigil niya sa sasabihin sana ni Nathan.

“Oo nga, Nathan. Kilala naman nating trumabaho itong si Dylan Alonzo. Laging pulido,” pagtatanggol ni Miguel.

“Ano ba ang nangyari?” tanong ni Eugene. Lahat ng mga kaibigan niya ay nakatuon na sa kanya ang pansin. The basketball game was completely forgotten.

“She broke up with me. That’s it.”

“Bakit daw?” curious na tanong ni Miguel.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi niya sinabi, eh. Basta lang.” Tumungga ulit siya ng beer.

“Dude, ’wag mo na isipin yung bit—”

“Don’t!” pigil niya ulit sa sasabihin sana ni Nathan.

“It’s her loss, Dy. She let go of a great man like you,” ani Eugene.

“Tangina, pare, great man talaga? You’re so gay. Parang tunog may crush ka kay Dylan. Kadiri!” Parang kinikilabutang sabi ni Miguel.

Binato ito ni Eugene ng unan sa mukha.

“Dylan, she’s just another pussy—”

“Cat! Pussycat, Nate. Let’s use the term pussycat. Let’s keep this conversation clean,” saway ni Miguel.

“Okay. Humanap ka na lang ng bagong pus—”

“Stop!” muling pigil niya kay Nathan. Mali kasi. Ayaw niyang marinig na may sasabihin ito against sa ex-girlfriend niya. Against sa kapatid nito.

“He’s actually right, Dy. Maraming pang pussycats sa mundo. I’m sure makakahanap ka pa agad. Sama ka kay Eugene. Ipupusta ko ang kidneys ko, gabi-gabi may bago kang pussy—cat. Pussycat.”

“Don’t mind him, Dy. Walang sense kausap ’yang si Miguel,” sabi ni Eugene. *“Okay lang na masaktan. Basta don’t let it get to you.”*

“Ang depressing naman ng usapan natin. Tumakas pa naman ako sa bahay kasi nag-eempake na si Nat.”

“Bakit?” sabay na tanong nina Miguel at Eugene.

“Nakapasa siya sa Harvard para sa MBA niya. Aalis na siya next week.”

Nasuka siya sa narinig.



“Sabi ng Kuya mo dumerecho na raw ako rito,” sabi ni Dylan kay Natalie nang pagbuksan siya nito ng pinto ng kwarto nito.

“What are you doing here, Dylan?” Malamig ang tono nito.

“Can I come in?” Hindi niya pinansin ang sinabi at pagkakasabi nito.

Niluwangan ng dalaga ang pagkakabukas ng pinto para makapasok siya.

“So you’re leaving tomorrow.” Nakatayo si Dylan sa gitna ng kwarto ni Natalie. Kita niya ang mga nakaempakeng gamit nito sa paligid. Nahagip ng tingin niya ang stuff toy na snail na bigay niya rito. Nasa ibabaw lang iyon ng kama.

“Are you bringing Slowpoke with you?” tukoy niya sa snail toy na nasa kama.

“Wala nang space sa bag ko,” sagot nito.

Muling gumala ang paningin niya sa kwarto. “Ang dami mong bags, ah. Parang wala ka nang balak bumalik.”

Nagkibit-balikat ito.

Humugot siya ng malalim na hininga. “Can you just explain to me why?”

Hindi nagkunwari si Natalie na hindi naiintindihan ang tanong niya. “Nagising na lang akong isang araw na ayoko na. Hindi na ako masaya.”

Tumango-tango siya habang hinihimas ang baba. Tumitingin siya sa paligid maliban kay Natalie.

“And I can’t change your mind?”

“It was a good two years, Dy. I will never forget the times that we were together.”

Tumango-tango ulit siya. “Good lang. Hindi man lang umabot ng best, ’no? Anyways, be ready with your flag. May Flag Hanging Day sa Harvard. Masayang

event 'yun. You get to see the different flags representing the different students on campus. During my time, there were 73 flags on the wall.”

“Dylan.”

“Please say hi to Professor McKinnon for me. He was my favorite prof when I was in HBS. I’m sure you will like him, too. He’s a very likeable guy.”

“Dy—”

“Good bye, Nat.”

Lumabas na siya ng kwarto nito. Hindi na niya kayang mag-pretend na normal lang ang lahat. Sa mga pelikula o kaya teleserye na paminsan-minsan niyang naaabutan na pinapanood ng mommy niya, kapag umalis ang bidang lalaki, hahabulin ito ng bidang babae. Part of him expected that when he went out of her room.

Apparently, hindi pala siya ang bida sa istorya. Baka supporting character lang siya. Dahil hindi siya hinabol ni Natalie. Narinig lang niya na ini-lock nito ang pinto. Na parang naninigurado na hindi na siya makakapasok ulit.

Ang saklap. Ang sakit. Ano pa nga ba ang ini-expect niya? Good lang ang level niya. Hindi umabot ng goodest.